Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Tungkol sa *Aged Care Act 2024*

# About the *Aged Care Act 2024*

Magsisimula ang bagong Aged Care Act sa ika-1 ng Nobyembre 2025. Ito ang magiging pangunahing batas na nagtatakda kung paano patatakbuhin ang sistema ng aged care. Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng buod ng bawat kabanata ng Batas at nagpapaliwanag ng mga hakbang na isinasagawa ng Pamahalaan ng Australya upang suportahan ang mga pagbabagong ito sa kasalukuyan at sa hinaharap.

## Konteksto ng bagong Batas

Inilabas ng [Royal Commission into Aged Care Quality and Safety]() (Royal Commission) [Royal Commission para sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga sa Nakatatanda] ang kanilang pangwakas na ulat noong Marso 2021. Inilahad nito ang mga paraan upang mapabuti ang sistema ng pangangalaga sa nakatatanda. Ang pangunahing rekomendasyon ng Royal Commission para sa Pamahalaan ng Australya ay ang pagbuo ng isang bagong Aged Care Act na nakabatay sa mga karapatan.

Humingi kami ng mga puna at mungkahi mula sa lahat hinggil sa mga pagbabago sa batas ukol sa pangangalaga sa nakatatanda at iniharap ang Aged Care Bill 2024 (Panukalang Batas ukol sa Pangangalaga sa Nakatatanda 2024) noong Setyembre 2024. Ito ay ipinasa ng Australian Parliament (ang Parlamento) noong Nobyembre 2024 at naaprubahan bilang bagong batas noong ika-2 ng Disyembre 2024. Magsisimula ang bagong Aged Care Act sa ika-1 ng Nobyembre 2025.

Ipinasa rin ng Parlamento ang Aged Care (Consequential and Transitional Provisions) Bill 2024 noong Nobyembre 2024. Ang panukalang batas na ito ay sumusuporta sa paglipat patungo sa bagong Aged Care Act.

## Buod ng bagong Batas

Tumutugon ang bagong Aged Care Act sa 58 rekomendasyon ng Royal Commission. Nagtatakda rin ito ng mga batas ukol sa:

- Statement of Rights [Pahayag ng mga Karapatan] para sa mga nakatatanda
- kung sino ang maaaring makagamit ng mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda
- pagpopondo sa mga serbisyong pangangalaga sa nakatatanda sa ilalim ng bagong Aged Care Act, kabilang ang bahagi na babayaran ng pamahalaan at ang maaaring bayaran ng nakatatandang tao.
- ang programang Support at Home [Programang Suporta sa Tahanan]
- pinalakas na Aged Care Quality Standards [Pamantayan ng Kalidad sa Aged Care] — inilalarawan nito kung ano ang maituturing na de-kalidad at ligtas na mga serbisyong pangangalaga sa nakatatanda.
- mas pinalakas na kapangyarihan para sa tagapangasiwa, ang Aged Care Quality and Safety Commission [Komisyon sa Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care].

Layunin ng bagong Batas na mas palakasin ang sistema ng pangangalaga sa nakatatanda sa Australya. Apektado nito ang lahat ng bahagi ng sistema ng pangangalaga sa nakatatanda. Ito ay:

- babaguhin nito kung paano naghahatid ng mga serbisyo ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa nakatatanda sa kanilang mga tahanan, sa mga pamayanan, at sa mga residential care home (bahay-alagaan).
- magpapatupad ng mga batas upang matiyak na ligtas ang pangangalaga sa nakatatanda, iginagalang ang mga tao, at may mataas silang kalidad ng buhay.
- papalitan ang kasalukuyang mga batas ukol sa pangangalaga sa nakatatanda.

Saklaw ng bagong Batas ang mga serbisyong aged care na pinopondohan ng pamahalaan. Kabilang dito ang mga programang hindi saklaw ng mga naunang batas ukol sa aged care. Halimbawa, ang National Aboriginal and Torres Strait Islander Flexible Aged Care (NATSIFAC) [Flexible na Pambansang Pangangalaga para sa mga Aboriginal at Torres Strait Islander] program at ang Commonwealth Home Support Programme (CHSP) [Programa ng Suporta sa Tahanan ng Commonwealth].

Mayroon din ang bagong Batas ng bagong modelo ng regulasyon para sa pamamahala ng pangangalaga sa nakatatanda. Layunin ng modelong ito na suportahan ang mga rehistradong tagapagbigay ng pangangalaga sa nakatatanda upang makapaghatid ng de-kalidad na serbisyo at maging higit na may pananagutan.

## Kabanata 1 – Panimula

Ipinaliliwanag sa Kabanata 1 ang mga kaisipan at mga terminong ginagamit sa bagong Aged Care Act. Tinitiyak nito na magkakapareho ang paggamit ng mga termino ng lahat, at malinaw ang mga tungkulin at pananagutan.

Kasama sa Kabanata 1 ang mga sumusunod:

- ang mga layunin ng bagong Aged Care Act — inilalarawan nito ang layunin ng batas.
- ang Pahayag ng mga Karapatan — inilalahad nito ang mga karapatan ng mga nakatatanda sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda.
- Ang Statement of Principles [Pahayag ng mga Prinsipyo] — gumagabay ito kung paano dapat kumilos at magpasya ang mga manggagawa at mga organisasyon sa ilalim ng bagong Aged Care Act.

Ipinaliliwanag din nito ang papel ng mga tagasuporta na tumutulong sa mga nakatatanda sa paggawa ng mga desisyon.

## Kabanata 2 — Pagpasok sa Sistema ng Pangangalaga sa Nakatatanda

Tinutukoy sa Kabanata 2 kung sino ang maaaring makagamit ng mga pinopondohang serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda.

Kasama rito kung anong edad ang kinakailangan upang makagamit ng pangangalaga sa nakatatanda. Makakatulong ito upang matupad ang layunin ng pamahalaan na walang mas batang tao ang naninirahan sa mga bahay-alagaan para sa nakatatanda.

Tinutukoy sa Kabanata kung paano naaaprubahan ang mga tao upang makagamit ng mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda. Pinagsasama ng iisang landas ng pagtatasa ang iba't ibang mga serbisyong pagtatasa sa iisang sistema.

Kabilang din sa Kabanata 2 ang proseso para sa:

- kung paano sinusuri ang mga pangangailangan at itinatakda ang pagpopondo para sa pangangalaga sa bahay-alagaan gamit ang Australian National Aged Care Classification (AN-ACC) [Pambansang Klasipikasyon ng Pangangalaga sa Nakatatanda ng Australya]
- kung paano sinusuri ang mga pangangailangan at itinatakda ang mga serbisyong maaaring makuha ng isang tao, pati na rin ang pagpopondo para sa Support at Home program.
- kung sino ang binibigyan ng prayoridad na makagamit ng mga pinopondohang serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda
- kung paano nakakakuha ng puwesto ang mga tao upang makagamit ng mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda.

## Kabanata 3 — Mga Rehistradong Tagapagbigay (provider), Manggagawa, at Mga Operator ng Digital Platform

Kinakailangang magparehistro ang mga tagapagbigay (provider) sa Aged Care Quality and Safety Commission (Commission) [Komisyon para sa Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care (Komisyon)] bago sila makapaghatid ng mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda.

Ipinaliliwanag sa Kabanata 3 kung paano susuriin ng Komisyon ang mga aplikasyon para sa pagpapaparehistro. Aaprubahan din ng Komisyon ang mga bahay-alagaan para sa mga nakatatanda bilang bahagi ng prosesong ito.

Inilalahad sa Kabanata 3 ang mga tuntunin at pananagutan para sa:

- mga rehistradong provider, kahit na may mga serbisyong isinasailalim nila sa subcontracting
- mga manggagawa
- mga responsableng tao — mga indibidwal na may tungkulin sa pamumuno sa loob ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa nakatatanda.

Magkakaroon ng kapangyarihan ang Komisyon na magsagawa ng hakbang na regulasyon kung hindi matugunan ng isang provider ang mga kundisyon ng pagpaparehistro. Maaaring kabilang dito ang mabibigat na parusang sibil.

Inilalahad din sa Kabanata 3 ang mga bagong tungkulin para sa mga rehistradong provider at mga responsableng tao. Mayroon ding mga bagong tungkulin para sa mga digital platform providers na gumagawa ng mga website, app, o sistema ng aged care upang suportahan ang paghahatid ng mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda.

## Kabanata 4 – Mga Bayarin, kabayaran, at subsidyo

Ipinaliliwanag sa Kabanata 4 kung paano gagana ang pagpopondo para sa mga serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda. Kabilang dito ang mga babayaran ng pamahalaan at ang maaaring singilin ng mga rehistradong provider sa mga nakatatanda.

Itinatakda sa Kabanata 4 ang mga sumusunod:

- kung kailan ibabatay ang pagpopondo ng pamahalaan sa mga subsidiya o grant
- kung kailan ibinabayad ang pondo sa pamamagitan ng mga espesyal na aged care program, tulad ng CHSP o NATSIFAC program.

Itinatala sa Kabanata 4 ang mga bahagi ng subsidiya na nakabatay sa pangangailangan ng isang tao at ang mga bahagi na nakabatay sa mga nakapirming gastusin ng provider.

Itinatakda rin nito kung ano ang maaaring kailangang bayaran ng mga tao para sa mga pinopondohang serbisyo ng pangangalaga sa nakatatanda at kung paano dapat pamahalaan ng mga provider ang mga bayad na ito.

Inilalahad sa Kabanata kung paano isinasagawa ang means testing para sa pangangalaga sa bahay-alagaan at Support at Home. Hindi ipinatutupad ang means testing sa mga espesyal na aged care program.

May mga alituntunin sa Kabanata 4 kung paano maaaring gawin ng mga rehistradong provider ang mga sumusunod:

- pumirma ng mga kasunduan sa akomodasyon kasama ang mga nakatatanda
- maningil para sa akomodasyon
- pamahalaan ang mga refundable na deposito sa akomodasyon.

## Kabanata 5 — Pamamahala ng Sistema ng Pangangalaga sa Nakatatanda

Ipinaliliwanag sa Kabanata 5 kung sino ang mamamahala sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda at kung paano ito isasagawa. Ito ay tinatawag na pamamahala.

Iba't ibang mga tungkulin ang mamamahala sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda:

- ang Kalihim ng Department of Health, Disability and Ageing na tinatawag na System Governor — ang siyang namamahala sa pagpapatakbo ng sistema ng pangangalaga sa nakatatanda, kabilang ang pagtiyak na patas ang pag-access sa mga serbisyo
- ang Inspector-General of Aged Care – ang nagmamatyag sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda at nag-uulat sa Parlamento
- ang Aged Care Quality and Safety Commissioner (Komisyoner) [Komisyoner ng Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care] – ang namamahala sa pagpaparehistro ng mga provider at nangangasiwa sa kalidad, kaligtasan, at mga usaping pinansyal ng pangangalaga sa nakatatanda. Tinitiyak din nila na ang mga provider ng aged care ay kumikilos sa bukas at etikal na paraan
- ang Complaints Commissioner [Komisyoner sa Pagrereklamo]— ang humahawak ng mga reklamong isinusumite sa Komisyon
- ang Aged Care Quality and Safety Advisory Council [Lupon ng Tagapayo para sa Kalidad at Kaligtasan ng Aged Care] — ang nangangasiwa sa mga gawain ng Komisyon.

## Kabanata 6 — Mga Mekanismo ng Regulasyon

Magkakaroon ng iba't ibang kapangyarihan ang Komisyoner, Complaints Commissioner, at System Governor upang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin. Ipinaliliwanag sa Kabanata 6 kung paano nila magagamit ang mga kapangyarihang ito. Ipinaliliwanag din dito kung kailan maaaring pahintulutan ng Komisyoner ang isang awtorisadong tao na pumasok sa isang bahay-alagaan nang walang pahintulot ng provider o warrant.

Itinatakda sa Kabanata 6 ang mga kapangyarihan para sa pagkuha ng impormasyon at paglalabas ng mga abiso. Tinitiyak ng mga kapangyarihang ito na makakukuha ng kinakailangang impormasyon ang Komisyoner, Complaints Commissioner, at System Governor upang maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin.

Pinahihintulutan din sa Kabanata ang paggamit ng mga banning order (utos na pagbabawal). Ang banning order ay isang paraan upang mapigilan ang mga manggagawa at provider na gumagawa ng mali sa pagbibigay ng ilang uri ng mga serbisyong pangangalaga sa nakatatanda.

## Kabanata 7 – Pamamahala ng Impormasyon

Kabilang sa Kabanata 7 ang mga bagong alituntunin para sa pamamahala ng impormasyon sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda. Makakatulong ito upang maprotektahan ang pribasiya ng mga tao. Makakatulong din ito upang matiyak na ang impormasyon tungkol sa mga rehistradong provider ay maging bukas at malinaw.

Kabilang sa Kabanata ang mga sumusunod:

- isang pinahusay na balangkas para sa pamamahala ng impormasyon
- isang bagong kahulugan ng protektadong impormasyon
- kung sino ang maaaring mangalap, gumamit, at magbunyag ng protektadong impormasyon, at kung kailan.

Kabilang din sa Kabanata 7 ang mga karagdagang probisyon para sa proteksyon ng mga whistleblower — mga taong nagsisiwalat ng mga isyu. Ito ay upang matiyak na ang mga nakatatanda, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, at mga manggagawa ay maaaring mag-ulat ng impormasyon nang walang takot na parusahan o tratuhing hindi patas.

Maaaring magsumbong ang mga tao kung alam o pinaghihinalaan nilang may lumabag sa batas.

### Kabanata 8 – Iba pang mga Probisyon

Saklaw sa Kabanata 8 ang iba pang mga usapin na susuporta sa sistema ng pangangalaga sa nakatatanda. Kasama rito ang mga sumusunod:

- kung paano at kailan maaaring ipaatas ng System Governor, Komisyoner, at Complaints Commissioner ang ibang tao na kumilos sa kanilang ngalan
- kung kailan maaaring aprubahan ng System Governor at Komisyoner ang mga porma, maningil ng bayarin, at gumamit ng mga computer program upang gumawa ng mga partikular na desisyon
- na maaaring maglabas ng mga alituntunin ang Ministro para sa Aged Care.

Pinahihintulutan ng Kabanatang ito ang mga tao na humiling ng pagsusuri sa ilang mga desisyong ginawa ng Komisyoner, Complaints Commissioner, System Governor, at ng Independent Health and Aged Care Pricing Authority.

Ipinaliwanag din dito na mag-uulat ang System Governor tungkol sa kanilang gawain at susuriin ang mga refundable na deposito sa akomodasyon bawat taon.

## Suporta para sa bagong Batas at mga susunod na hakbang

### Aged Care (Consequential and Transitional Provisions) Act 2024

### [Batas ukol sa Aged Care (Mga Kasunod at Panandaliang Probisyon) 2024]

Ang *Aged Care (Consequential and Transitional Provisions) Act 2024* ay naging batas noong ika-10 ng Disyembre. Ito ay isang batas na nagpapahintulot sa pagsisimula ng bagong Aged Care Act at sumusuporta sa paglipat patungo sa bagong Batas.

Ang apat na pangunahing layunin nito ay:

- gawin ang bagong Aged Care Act bilang pangunahing batas para sa pangangalaga sa nakatatanda sa pamamagitan ng pagtanggal sa mga kasalukuyang batas — kabilang ang *Aged Care Act 1997*, *Aged Care Quality and Safety Commission Act 2018*, at *Aged Care (Transitional Provisions) Act 1997*

- tiyakin na ang impormasyon tungkol sa batas ukol sa pangangalaga sa nakatatanda ay tumutukoy sa *Aged Care Act 2024* sa halip na sa mga lumang batas
- ipaliwanag kung paano magbabago ang mga kasalukuyang batas patungo sa bagong Aged Care Act [Batas ukol sa Aged Care] simula ika-1 ng Nobyembre 2025
- baguhin ang mga batas sa kalayaan ng impormasyon, ang *National Disability Insurance Act 2013*, at ang *Crimes Act 1958* upang tugunan ang mga rekomendasyon bilang 77 at 88 ng Royal Commission.

Titiyakin nito na patuloy na makatatanggap ang mga nakatatanda ng ligtas at de-kalidad na pangangalaga habang isinasagawa ang paglipat sa bagong Batas. Pinahihintulutan din nito ang mga aprubadong aged care provider na maging rehistradong provider sa ilalim ng bagong sistema.

## Pagkuha ng Puna tungkol sa Mga Alituntunin

Isang hanay ng mga Alituntunin ang susuporta sa bagong Aged Care Act. Ipinaliliwanag ng mga Alituntunin kung paano isasagawa ang bagong Aged Care Act. Maaari naming suriin at baguhin ang mga detalyeng ito sa paglipas ng panahon kung kinakailangan. Halimbawa, kung may lumitaw na mga isyu o may mga pagbabago sa pinakamainam na pamamaraan.

Karamihan sa mga Alituntunin ay umiiral na at magiging bahagi ng bagong Batas. Ngunit magkakaroon din ng ilang bagong Alituntunin. Halimbawa, mga Alituntuning nagpapaliwanag kung paano gagana ang pagpopondo para sa Support at Home.

Nais naming makatanggap ng puna (feedback) upang matulungan kami na:

- pagbutihin ang mga Alituntunin batay sa mga ibinahaging opinyon ng komunidad
- tiyakin na maisasama sa mga Alituntunin ang mga puna na natanggap namin sa mga naunang konsultasyon
- alamin kung ano ang kailangan ng mga provider upang makapaghanda para sa bagong Batas.

Ang konsultasyon ay isa ring paraan upang matulungan ang lahat na maunawaan kung paano naaapektuhan ng mga Alituntunin ang mga nakatatanda at ang kanilang pangangalaga.

Alamin pa ang tungkol sa konsultasyon tungkol sa mga Alituntunin sa www.health.gov.au/our-work/aged-care-act/consultation.

## Pagtulong sa mga tao na maghanda para sa bagong Batas

Tutulungan namin ang mga nakatatanda, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga, pati na rin ang sektor ng aged careupang makapaghanda para sa bagong Batas.

Titiyakin naming nauunawaan ng mga taong maaapektuhan ng mga pagbabago ang mga sumusunod:

- kung ano ang kahulugan nito para sa kanila, kung ano ang nagbabago, at kung ano ang nananatiling pareho
- kung ano ang kailangan nilang gawin upang makapaghanda at kung kailan isasagawa ang mga pagbabago

- kung anong impormasyon at mga alituntunin ang aming ibibigay, at kung kailan at paano ito maa-access.

Itinatag namin ang Aged Care Transition Taskforce upang tulungan ang sektor ng aged care na makaangkop sa bagong Batas. Makikipagtulungan ang Taskforce sa sektor upang tuklasin at lutasin ang mga isyu at magbigay ng payo sa pamahalaan.

Ang mga miyembro ng Taskforce ay mga eksperto na may iba't ibang karanasan sa aged care. Kabilang sa kanila ang mga taong may karanasan sa regulasyon, paghahatid ng serbisyo, edukasyon at pagsasanay, datos at teknolohiyang digital, mga nakatatanda, mga First Nations, manggagawa sa aged care, klinikal na pangangalaga, at pangunahing pangangalaga.

Mangangasiwa at gagabay rin ang Taskforce sa mga pagbabago upang matiyak na maisasagawa ang mga ito nang maayos.

Alamin pa ang tungkol sa Aged Care Transition Taskforce sa https://www.health.gov.au/committees-and-groups/aged-care-transition-taskforce.